

# Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, [www.samutsamot.wordpress.com](http://www.samutsamot.wordpress.com)

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka \_\_\_\_\_  
20

## Pagbigay ng tamang panghalip na panao

Talâ: panghalip - *pronoun*, panghalip na panao - *personal pronoun*

*Panuto:* Tukuyin ang panghalip na panao na maaaring pamalit sa mga salitang pinili sa bawat pangungusap. Isulat ang panghalip sa itaas o sa ibaba ng mga salita.

1. Sina Andres at Amalia ay naghahanda ng maganda at malaking pagdiriwang para sa anibersaryo ng kanilang mga magulang.
2. Tutulong ako at ang kapatid ko na si Manuel sa paglinis ng kanilang bahay at bakuran.
3. “Si Ariel ang magdadala ng inumin at yelo para sa salu-salo,” sabi ni Ariel.
4. Si Marco ang mag-aayos ng mga mesa at upuan.
5. Ang mga kaibigan mo at ikaw ay matutuwa sa mga mang-aawit na darating mamaya.
6. Sina Tito Joaquin at Kuya Jet ang susundo sa ibang mga panauhin.
7. Ikaw, si Amalia, at ako ay maghahanda ng mga palamuti na magpapaganda sa okasyon.
8. “Tito Joaquin! Kuya Jet! Aalis na ba si Tito Joaquin at Kuya Jet? Maaari ba akong sumabay sa inyo?” tanong ni Ariel sa dalawa.
9. “Magandang hapon po. Cristina Torres po ang pangalan ko. Si Cristina Torres po ang magdadala ng keyk na ipinagawa ninyo,” sabi ni Cristina.
10. Nakikita mo ba ang babae na kausap ni Tito Joaquin? Ang babae ang may-ari ng *bakeshop* na pinuntahan natin.

11. “Andres, puntahan mo si Tito Joaquin. Si Andres ang hinahanap niya para tumanggap ng keyk,” sabi ni Jet kay Andres.
12. “Ako at ang mga kasama ko po ang magtututog ngayong gabi. Saan po ako at ang mga kasama ko pupuwesto?” tanong ni Jay kay Amalia.
13. “Ikaw at ang mga kasama mo ay uupo sa entablado. Nakahanda na ang mga upuan ninyo roon,” sagot ni Amalia kay Jay.
14. Dumating na ang mga serbidor, dala ang mga pagkain. Pakihatid ang mga serbidor sa kusina namin.
15. Tanungin mo si Jay kung nakuha niya ang listahan ng mga awit. Si Jay kasi ang bahala sa musika.
16. “Amalia, si Amalia na ang sumalubong kina Tatay at Nanay,” sabi ni Andres kay Amalia.
17. “Mas mainam kung ikaw at ako ang sasalubong at babati sa kanila,” sagot ni Amalia kay Andres.
18. “Handa na ba ang lahat? Pauwi na ang mga magulang ninyo. Tiyak na magugulat at masisiyahan ang Tatay at Nanay ninyo,” sabi ni Tito Joaquin.
19. “Manuel, Ariel, Marco, salamat sa lahat ng tulong ninyo. Si Manuel, Ariel, at Marco ay mga tunay na kaibigan,” pasalamat ni Andres sa tatlong lalaki.
20. Lubos na nasiyahan ang mga magulang nina Andres at Amalia. Ang mga magulang ay nagpasalamat sa mga kaibigan at kapamilya na tumulong at dumalo sa okasyong ito.